

Ang Tulong ng FEMA ay Umabot na sa \$50 Milyon para sa mga Illinoisan na Naapektuhan ng Matitinding Bagyo sa Kalagitnaan ng Hulyo

Release Date: Oktubre 13, 2024

SPRINGFIELD – Wala pang isang buwan mula noong idineklara ni Pangulong Joe Biden ang malaking sakuna para sa estado ng Illinois, umabot na sa **\$50.6 milyon** ang tulong ng FEMA para sa mga sambahayan na naapektuhan ng matitinding bagyo, buhawi, diretsong hangin, at pagbaha noong Hulyo 13 -16. Ang mga grant na ito ay tumutulong sa pagbabayad para sa mga pagkalugi na hindi naka-insured at underinsured at pinsalang nauugnay sa bagyo, kabilang ang:

- Higit sa **\$24 milyon** na mga grant sa pabahay upang tumulong sa pagbabayad para sa pagkumpuni ng bahay, pagpapalit ng bahay at tulong sa pag-upa para sa pansamantalang pabahay.
- Mahigit sa **\$26.5 milyon** na Tulong para sa Ibang Pangangailangan (Other Needs Assistance) na mga grant bilang tulong sa pagbabayad para palitan ang mga personal na ari-arian at iba pang seryosong pangangailangang nauugnay sa bagyo—tulad ng mga bayarin sa paglipat at pag-iimbak, transportasyon, pangangalaga sa bata, at mga gastos sa medikal at ngipin.

Mahigit sa **\$1.6 milyon** sa pangmatagalan, mababang interes na mga pautang sa sakuna (disaster loan) ang inaprubahan ng U.S. Small Business Administration para sa mga may-ari ng bahay at nangungupahan upang tumulong sa pagkumpuni, muling pagtatayo o pagpapalit ng pisikal na ari-arian na napinsala ng kalamidad at upang saklawin ang pinsala sa ekonomiya para sa mga negosyo sa lahat ng laki at mga non-profit na organisasyon.

Ang mga may-ari ng bahay at nangungupahan na napinsala ng bagyo noong Hulyo 13 - 16 sa kanilang tahanan o personal na ari-arian sa pitong itinalagang county kabilang ang, Cook, Fulton, Henry, St. Clair, Washington, Will at Winnebago, ay may hanggang **Nobyembre 19** na deadline para mag-aplay para



FEMA

Page 1 of 2

sa tulong sa sakuna mula sa FEMA at U.S. Small Business Administration.

Mag-apply para sa tulong ng FEMA sa ilang paraan:

- Mag-online sa DisasterAssistance.gov.
- Gamitin ang [FEMA mobile app](#).
- Nang personal sa Disaster Recovery Center. Nang personal sa Disaster Recovery Center, www.FEMA.gov/DRC.
- Tawagan ang helpline ng FEMA sa 800-621-3362. May available na mga multilingual na operator. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng video relay, serbisyo ng teleponong may caption o iba pa, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon.

Matuto nang higit pa tungkol sa tulong sa sakuna ng SBA sa www.sba.gov/funding-programs/disaster-assistance. Bisitahin ang www.fema.gov/disaster/4819 para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagbangon mula sa sakuna sa Illinois.



FEMA

Page 2 of 2